*Makiling Review* vol. 3 no. 1 (2023): 25-58

ARTICLE

# It's Complicated: Paggalugad sa Relasyong Ekstramarital ng mga Tauhan sa Nobelang *Mga Haliging Inaanay* ni Efren Abueg

Deidre R. Morales
University of the Philippines Diliman
drmorales@up.edu.ph

## Abstrak

Hindi na bago ang tema ng mga akdang tumatalakay sa pag-iibigan at pakikipag-relasyon –tama man ito o mali sa pananaw ng sino man. Sa maraming nobela at maikling kuwento, lalo na sa mga nailabas sa lingguhang magasin gaya ng *Liwayway*, namumutiktik ang mga kuwentong romansang nagpapakita ng nasabing tema. Ilan lamang dito ang mga gawa ni Efren R. Abueg na higit na kilala sa pagsulat ng mga prosang nagmumulat sa kalagayan ng lipunan gaya ng mga matatagpuan sa *Mga Agos sa Disyerto* (1964). Taglay ng kanyang ilang mga katha ang naratibo ng mga tauhang umiibig at pumapasok sa isang relasyong tinitingnan bilang "ekstramarital." Sa papel na ito, susuriin ang diskurso ng relasyong ekstramarital sa de-seryeng nobelang *Mga Haliging Inaanay* na inilimbag sa *Liwayway* mula Marso 1987 hanggang Enero 1988. Bahagi ng gagawing pagsusuri ang mga diyalogo ng mga tauhan sa nobela. Gagalugarin dito ang katawagan at kahulugan ng relasyong kinapapalooban ng mga tauhan kaugnay ng mga pananaw mula sa iba't ibang institusyong bumubuo sa lipunan. Iuugnay rin ang nobela sa ilang pelikula at palabas sa telebisyon sa kasalukuyan na nakasentro sa relasyong ekstramarital upang maikumpara at maipagtunggali rin ang paraan ng pagtalakay ng mga ito sa temang nabanggit, maging ang paraan ng pagtanggap ng mga tao rito. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang makapagbibigay-daan ito sa pagpapalawak ng pag-unawa sa diskurso ng itinuturing na masalimuot na relasyon hindi lamang ng mga piksiyonal na tauhan, kundi ng mga tao sa lipunan.

**Mga susing salita:** *ekstramarital, relasyon, Efren Abueg, Mga Haliging Inaanay, diskurso, discourse analysis*

**Pagkilala kay Efren Abueg**

> Si Efren Abueg ay namumukod sa kaniyang mapanghamong sosyo-realistikong sining…Patuloy pa rin sa bagong milenyo ang pagsisikap ni Abueg na maimulat ang bayan…sa ‘mga kontradiksiyong nangyayari sa ating lipunan na nagreresulta sa hindi na matapos-tapos na pagsasamantala sa 'maliliit' nating mga kababayan’…(San Juan 1).

Sa siping ito mula sa introduksiyon ni Epifanio San Juan, Jr. sa nobelang *Huwag Mong Sakyan ang Buhawi* (2014), mainam na bigyang-diin ang salitang “mapanghamon” bilang angkop na paglalarawan kay Efren Reyes Abueg. Pinatototohanan ito ng kaniyang mga naging karanasan sa buhay na pagmumulan din ng inspirasyon sa mga isinusulat niyang katha.

Hinamon niya, kasama ang iba pang mga kabataang manunulat[1] na sina Edgardo M. Reyes, Rogelio R. Sicat, Dominador B. Mirasol, at Rogelio L. Ordoñez, ang pananaw na higit na mababang uri ng panitikan ang mga naisusulat sa wikang Pilipino. Sa pangunguna ni Abueg, nailimbag nila ang antolohiyang *Mga Agos sa Disyerto* (1964) na naglalaman ng mga kuwentong matapat na tumatalakay sa kahirapan, pang-aapi sa mga mahihina, at katiwalian. Makikita pa ang pagiging mapanghamon ni Abueg nang maging sangkot siya sa aktibismo. Bitbit ang mga natutuhan mula sa mga teach-in ni Jose Maria Sison at sa mga kinabilangang progresibong pangkat, nagsulat siya ng mga akda at kolum sa mga magasin at komiks na tumutuligsa sa pamamalakad ni Marcos sa bansa. Sa panahong ito rin nagsimula ang kaniyang karera sa pagtuturo. Naging pagkakataon ito kay Abueg na mapaigting pa sa mga kabataan ang pagpapahalaga sa pagkilos mula sa pagtuturo ng mga kursong Rizal at kurso sa panitikan. Nang suspendihin *ang writ of habeas corpus*, isa siya sa mga tinukoy na subersibo. Naging dahilan ito upang tanggalin siya sa serbisyo sa Philippine College of Commerce (PCC), at patigilin din ng mga

[1] Kasama noon si Eduardo Bautista Reyes ngunit mapapalitan ni Dominador Mirasol sa ikalawang edisyon ng antolohiya.

namamahala ng palimbagan sa pagsusulat sa mga magasin at komiks (Abueg).

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy ang pagsulat ni Abueg sa mga pahina ng *Liwayway* ng mga nobela at kuwentong ideyolohikal na nakapaloob sa pamilyar na danas ng marami.

**Pagbasa sa Teksto**

Sa pagbabasa ng mga akda ni Abueg, naobserbahang marami sa mga ito ang umiikot sa mga tauhang umiibig: pumapasok sa (o nasa isang) matalik na relasyon (mag-asawa man sila o magkasintahan). Marami rin sa mga ito ang nagpapakita ng mga paglabag sa karaniwang nosyon ng lipunan sa pakikipagrelasyon, partikular ang mga itinuturing na relasyong "ekstramarital." Nariyan halimbawa ang "Mga Lagas na Dahon ng Marso" na unang nailimbag sa *Liwayway* noong 1971 bago ito maisama sa antolohiyang *Plakard* (2019). Nakatuon ang kuwento sa pagkakaroon ng romantikong relasyon ng magkapitbahay na sina Maneng at Dorita kahit na kapwa may-asawa. Nariyan din ang nobela niya sa *Liwayway* na *Mister Mo, Lover Boy Ko…*(1974) na isinapelikula noong 1975. Tampok naman dito ang pagkahumaling ng isang mahirap na dalaga sa isang may-asawang negosyanteng nangako sa kaniya ng nakaaakit na buhay.

Tulad ng mga nabanggit na, may katulad ding tema ang napiling akdang tututukan para sa pananaliksik. Taglay ng nobelang *Mga Haliging Inaanay* ang pagtatampok sa kasalimuotan ng relasyon hindi lamang ng pangunahing tauhan, kundi ng iba pang mga tauhang nakapalibot sa kaniya. Siyam na buwang tinangkilik ng marami ang kuwento ng masalimuot na pag-ibig ng mga tauhang nabuhay sa panahong masalimuot din ang sitwasyon ng lipunan. Bagamat litaw sa nobela ang pagtalakay nito sa estadong politikal ng bansa, kapansin-pansing higit na nakaambag sa pagtaas ng interes ng mga mambabasa sa pagsunod sa kuwento ang pananabik sa kahahantungan ng relasyon ng mga tauhang maituturing na "ekstramarital."

**Naratibo ng *Mga Haliging Inaanay***

Ang nobelang *Mga Haliging Inaanay* ni Efren Abueg ay isang de-seryeng nobelang binubuo ng 46 na yugto. Una itong inilabas sa *Liwayway* noong Marso 9, 1987 na nagtuloy-tuloy hanggang Enero 18, 1988. Masasalamin sa nobela ang konteksto ng panahon ng pagkakalimbag dito. Katatapos lamang ng EDSA Revolution, at nailuklok na sa pagkapangulo si Cory Aquino. Inilarawan sa nobela na nanalig ang marami sa babaeng pangulo dahil ipinahayag nitong ibang-iba ang kaniyang pamumuno kumpara sa nagdaang administrasyon. Sa kabila ng pangakong ito, marami sa mga suliraning dating nararanasan ng taumbayan ang lalong tumindi sa pagsisimula ng kaniyang rehimen. Maraming itinampok na usapin sa termino ni Aquino ang makikita sa nobela. Kabilang sa mga isyung ito ang dominasyon ng mga dayuhang negosyante sa bansa, ang higit na pagdami ng mga nagsa-strike na manggagawa sa pabrika, kudeta, paglabag sa karapatang pantao, at amnestiya para sa mga bilanggong politikal at kasapi ng New People's Army. Kita sa kabuuan ng nobela ang pagbabanggit sa kaguluhang nangyayari noon na maihahalintulad sa naging takbo ng buhay at relasyon ng iba't ibang tauhan.

Umiikot ang nobela sa buhay ni Ruth Barriso, isang babaeng nagmula sa may-kayang pamilya. Nakatira siya kasama ng kaniyang amang si Alipio na dating isang koronel (na pumasok sa politika). Ilan pa sa mga tauhan ay sina Tessa na piniling maging model at artista, at ang kaniyang Kuya Martin na namumuhunan sa isang negosyo. Bagamat maalwan ang buhay na kinagisnan, naging maalam si Ruth sa mga usaping panlipunan dahil kay Victor na isang aktibistang nakilala niya sa kumprontasyon ng mga demonstrador at militar. Naging malapit ang dalawa at magkakaroon sila ng romantiko at sekswal na relasyon. Mapaglalayo ng distansiya at sirumstansiya ang dalawa. Nanatili sa Maynila si Ruth upang tapusin ang pag-aaral at makapagtrabaho siya sa bangko, habang pinili naman ni Victor na hindi tapusin ang kolehiyo upang mag-*full time*. Patuloy na nagkaroon ng ugnayan ang magkasintahan ngunit dumalang ito nang namundok na si Victor at

naging kasapi ng New People's Army. Naghintay si Ruth sa ano mang balita tungkol kay Victor, ngunit nang hindi makakuha ng katiyakan sa kalagayan nito, gumawa ng paraan si Ruth upang sundan ang kasintahan. Sa tulong ng kaibigan ni Victor na si Doming, naipakilala siya sa iba't ibang mga kasapi ng kilusan gaya nina Kumander Pertin at Adel upang matunton ang kinaroroonan nito. Hinangad ni Ruth na makasama habambuhay si Victor, ngunit nang magdesisyon si Victor na mamundok at sumapi sa New People's Army, gumawa ng paraan si Ruth upang sundan ito at hikayating tuparin ang plano nitong maikasal at magsimula ng bagong buhay nang magkasama. Malalaman na lamang niyang may nabuntis na si Victor na kasáma sa kilusan na kaniyang pakakasalan. Gayumpaman, hindi napigil ng dalawa ang tawag ng laman.

Sa pagbalik ni Ruth sa siyudad, naging malapit naman siya kay Doming na may lihim na pagtingin sa kaniya. Patuloy mang umaasa na babalikan siya ni Victor, nagkamabutihan sina Ruth at Doming na umabot na rin sa relasyong sekswal. Nag-aalok na rin ng kasal si Doming upang ipakita ang pagiging seryoso nito sa nararamdaman para kay Ruth. Nagulo ang relasyon nila nang malaman ni Ruth na buntis siya ngunit ang ipinagdadalang-tao ay kay Victor, at hindi kay Doming.

Nagkaroon muli ng pag-asa si Ruth na pipiliin siya ni Victor nang mabasa niya sa peryodiko ang pagkamatay ng isang NPA na buntis –si Cely. Sa muling pagtatagpo ng dalawa, inamin ni Victor na hindi niya pananagutan ang ipinagdadalang-tao ni Ruth dahil mahal pa rin niya ang kaniyang namapayapang asawa. Nawalang parang bula si Victor pagkatapos ng pagkikitang ito.

Sa iba pang bahagi ng nobela, makikita rin ang pagkakahawig ng naranasan ni Ruth sa kaniyang Ate Tessa at hipag na si Zita. Iniwan si Tessa ni Gus, at napabalitang may kinakasamang "mayamang matrona" ang kaniyang asawa. Dahil dito, sinubukan muli ni Tessa na makipagrelasyon sa iba't ibang lalaki. Sa kasamaang-palad, namatay si Tessa dahil sa bagong karelasyon nito. Gaya ni Tessa, natuklasan din ni

Zita na pinagtataksilan siya ng asawang si Martin. Tiniis ni Zita ang paulit-ulit na pambababae ni Martin. Kaiba sa kapalaran nina Tessa at Ruth, siya na ang magdedesisyong iwan ang asawa.

Sa katapusan ng nobela, iniluwal ni Ruth ang isang babaeng sanggol na pinangalanan niyang Adelaida. Bagamat hindi nakapangasawa, nangako siyang higit na magpapakatatag para sa kaniyang anak.

**It's Complicated**

Bago suriin ang nobela, mainam na talakayin sa bahaging ito ang nosyon ng ekstramarital na relasyon. Sa kasalukuyang panahon, may mga bago nang katawagan sa uri o estado ng relasyon ng tao. Sa Facebook halimbawa, mapapansing hindi na lamang dalawa (single o married) ang maaaring pagpipiliang *relationship status* kundi labing-isa. Kabilang dito ang status na "*it's complicated*." Ano nga ba ang saklaw ng status na ito? Maaari bang nilalarawan din nito sa mga relasyong ekstramarital?[2]

Kung sasangguniin sa U.P. Diksiyonaryong Filipino, tumutukoy ang salitang pang-uri na *extramarital* sa "nangyayari sa labas ng relasyong mag-asawa, lalo na kung patungkol sa relasyong seksuwal" (355). Ito rin ay karaniwang ikinakabit sa salitang *affair* na pinaikling anyo ng "love affair" o romantikong relasyong kadalasan ay lumilipas din. Makikita sa pananaliksik ni Anthony Thompson ang kahawig na kahulugan: "*[e]xtramarital relationship and extramarital involvement, as terms, refer to a wide range of behaviors outside of the traditional marriage bond.*" Ngunit ayon sa kaniya, "*there is a confusing array of terminology in the field of extramarital relations*" (Thompson 3). Karaniwang ipinapares ang salitang *extramarital* sa iba pang mga salita gaya ng *relationship*, *involvement*, at *sex*. Gayumpaman, hindi nawawala ang ambigwidad sa pagpapakahulugan nito.

[2] Para sa pananaliksik na ito, gagamitin ang "relasyong ekstramarital" sa halip na "pangangalunya" o "pakikiapid" dahil nasasaklaw ng naunang binanggit na termino ang kahulugan ng huling dalawang salita.

Kadalasang ipinagpapalagay na inililihim ang aktong ekstramarital sa kabiyak ng lalake o babaeng nakikisangkot sa relasyon at/o pakikipagtalik sa labas ng kasal (2). Dahil dito, makikita ang kaugnay na mga terminong *affair*,*infidelity,* at *adultery*. Sa kabilang banda, maaari ding maging konsenswal ang relasyong ekstramarital gaya ng pre-marital sex, pagli-live-in, at open relationship. Sa depinisyon pa lamang masasabing nahahawig na ang salitang "ekstramarital" sa mismong kalikasan ng tinutukoy na relasyon –magulo at nakalilito.

Kung titingnan pa ang relasyong ekstramarital bilang isang *relationship status,* nagiging makulay lalo ang kahulugan nito. Sa *Keywords* ni Raymond Williams, tumutukoy ang salitang "status" sa kondisyong nakaugnay sa lipunan. Mayroon din itong gamit sa mga bagay na may kinalaman sa batas noong ika-18 siglo na nagbibigay-kahulugan sa karapatan, tungkulin, at kapasidad gaya na lamang ng "marital status" (299). Gayunpaman, higit na ginamit ang salitang ito bilang bahagi ng wika ng uri o *class* na siyang nagpapahiwatig ng hirarkiya sa lipunan (300). Mula sa kaniyang pagtalakay, mauunawaan ang "status" bilang salitang nagbibigay-diin sa posisyong kinalalagyan ng mga tao –may mababa at may mataas. Maalala rin dito ang salitang *status quo* na nangangahulugang kaayusan ng mga bagay partikular sa politikal at panlipunang usapin at halagahan (Status quo). Samakatuwid, ang status ay etiketang nagbibigkis sa paniniwala ng lipunan.

Dahil hindi nakaayon sa inaasahang kaayusan, hindi itinuturing na katanggap-tanggap ang relasyong ekstramarital. Bagkus, maaaring sabihin na bilang relationship status, "*complicated*" nga ito dahil ipinagbabawal.

May mga pag-aaral nang pumapaksa sa komplikadong relasyong ekstramarital. Gayumpaman, bihira sa mga ito ang tumututok sa panitikan, at karamihan din ng mga pananaliksik na nakita ay nasa konteksto ng kanluran. Dagdag pa rito, siyentipiko at sikolohikal ang lapit na ginagamit sa ilang mga pag-aaral dito. Ganito man ang kaso, may mga impormasyong makikita sa mga ito na maaaring makaambag sa pagtingin sa diskurso ng relasyong ekstramarital.

Sa artikulong "Infidelity in Committed Relationships I: A Methodological Review," binanggit ng mga mananaliksik na maraming problemang makikita sa mga naisagawang pananaliksik tungkol sa impidelidad gaya na lamang ng kakulangan sa lalim ng pagtalakay sa mga ito (Blow at Hartnett 183). Kaya naman ang isinagawa nina Blow at Hartnett ay isang metodolohikal na rebyu ng mga piling artikulong tumatalakay sa paksa ng impidelidad sa mga relasyon. Natuklasan dito na may kakulangan sa kaisahan ang mga nirebyung artikulo pagdating sa pagpapakahulugan ng salitang *infidelity* at kung paano maikakategorya ang isang pag-uugali na anyo ng impidelidad. Ilan lamang sa mga lumabas na depinisyon ay "*having an affair, extramarital relationship, cheating, sexual intercourse…emotional connections that are beyond friendships*" (186). Bagamat mas ginagamit ang terminong impidelidad, makikitang kalakhan ng nirebyung artikulo ay itinuturing na katumbas ito ang relasyong ekstramarital (na heterosekswal).

Sinubok ding bigyang-linaw ng artikulo nina Olivia Leeker at Al Carlozzi ang kahulugan ng *infidelity* mula sa iba't ibang pananaw. Batayan ng aktong ito ang paglabag sa kasunduan o tuntuning itinakda ng magkarelasyon sa isa't isa. Sa kanilang pag-aaral, mahahati sa dalawang kategorya ang akto ng impidelidad. Isa rito ay ang *sexual infidelity* na tumutukoy sa pagkakasangkot sa gawaing sekswal gaya ng pakikipaghalikan at pakikipagtalik sa isang taong hindi nito karelasyon, habang ang *emotional infidelity* naman ay ang pagkakaroon ng malalim na damdamin sa iba at pagiging bulnerable sa tukso (69).

Iba naman ang tutok nina Kirstee Williams at Carmen Knudson-Martin sa kanilang artikulo. Tiningnan nila sa pananaliksik ang isyu ng impidelidad sa lente ng Feminismo. Binigyan nila ng pansin ang pagtalakay sa kasarian at kapangyarihan bilang bahagi ng diskursong nakaaapekto sa pagtingin sa nasabing isyu. Ayon sa kanila, "*These same social norms also carry implicit messages about female responsibility regarding a partner's affair*" (272). Sa relasyong ekstramarital, napalilitaw na kadalasang nasa disadbentahe ang babae, siya man o hindi ang nakikiapid sa iba.

Gamit din ang Feministang lapit sa pagsusuri, tinalakay sa doktoradong tesis ni Monica Oala ang pagpasok sa relasyong ekstramarital ng mga *single* na kababaihang kaniyang kinapanayam. Ginamit niya ang Foucauldian Discourse Analysis upang makita ang iba't ibang diskurso mula sa pagsasalaysay ng mga kababaihang ito. Natuklasan niyang nangibabaw sa mga diskurso ay ang tunggalian sa moralidad, identidad, at responsibilidad sa asawa ng iba (III).

Sinasagot naman ng artikulo nina Jemimah Gaite Pizarro at Rowena Gaspay-Fernandez ang tanong na "Bakit pumapasok at natitiis ng mga Pilipinong kababaihan ang manatili sa isang relasyong ekstramarital? (1)". Sa kanilang pananaliksik, walong kababaihan ang kanilang isinalang sa isang *semi-structured* na panayam. Naipaghambing ang kalagayan ng mga babaeng ito kasama ang kanilang asawa at ang kanilang ibang karelasyon. Gaya ng mga naunang nabanggit na artikulo, nilinaw rin nila ang kahulugan ng relasyong ekstramarital na pumapasok sa kategorya ng emosyonal o sekswal na impidelidad.

May mangilan-ngilan ding nakitang materyal na tinatalakay ang isyu ng relasyong ekstramarital sa panitikan at midya. Halimbawa nito ang *Querida: An Anthology* na nagpapakita ng iba't ibang pananaw at pagsasakatawan sa mga tinatawag na "mistress, kabit, number 2, kalaguyo, other woman, kalunya, girlfriend…" at iba pang baryasyon ng isang querida sa mga kuwento, tula, at iskrip. Ayon sa introduksiyon ng aklat, kung tataluntunin ang kasaysayan ng Pilipinas ay makikita na ang presensiya ng mga tinatawag na querida. Noon pa man, ganito na ang turing ng lipunan sa kanila "*…more than a one-night stand, but less than a wife…and maybe treated as a partner, playmate or prostitute*" (Hau et. al 1). May pagtatangka na ring magsagawa ng pag-aaral sa mga pelikula at teleseryeng may temang ekstramarital. Sa isang di-gradwadong pananaliksik na *Kabitserye: An Analysis of Marital Infidelity in Filipino Films and Soap Operas from 1970-2015*, sinubok na tingnan ang pagkakapareho at pagkakaiba ng papel ng mga gumaganap bilang asawa, kabit, at nangangabit. Layunin din nilang ipaunawa ang realidad sa labas ng mga napapanood sa TV at sinehan (5).

Pinatutunayan lamang ng mga kaugnay na literaturang ito na nangangailangan pa ng mga pag-aaral na lagpas sa nakasanayang pagtingin at pagpapakahulugan sa relasyong ekstramarital. Kailangan pa ng mga kritikal na pag-aaral kung paanong ang paksang tila nireresiklo sa popular na kultura ay nagbubunyag ng iba pang pananaw at kalagayan sa lipunan na hindi maaaring husgahan agad.

**Mga Pananaw sa Ekstramarital na Relasyon**

Esensiyal sa bahaging ito na masiyasat ang mga diskursibong kalagayang pinagmumulan ng pag-unawa ng lipunan sa ekstramarital na relasyon, lalo't itinatampok ang mga ito sa nobela. Nakakabit sa ugnayan ng kaalaman at kapangyarihan ang mga diskurso, at sinasabing may tatlong bagay itong nagagawa: "*they enable, they constrain, and they constitute*" (Storey 128). Dahil naaapektuhan nito ang paraan kung paano pinag-uusapan ang mga bagay-bagay, lumilikha rin ng "*subject positions*" ang mga diskursong kinasasangkutan ng mga tao (129). Bilang bahagi ng diskurso ang wika, masasabing nakapag-aambag sa paggamit ng mga terminong kaugnay nito ang ideolohiya at mga istrukturang panlipunang namamayani. Sa pamamagitan nito, makikita rin kung gaano kalakas ang ugnayan ng politikal, panlipunan, at pangkasaysayang konteksto sa pagpapakita ng kapangyarihan at impluwensya ng iba't ibang mga institusyon (Cramer 220). Natukoy ng mananaliksik na maaaring tingnan ito ayon sa iba't ibang pananaw ng dalawa sa mga pinakamakapangyarihang institusyong bumubuo sa lipunan–ang simbahan at ang estado.

Makikita sa artikulo ng Heswitang si Ted Gonzales, ang paninindigan ng simbahan (kabilang ang mga pinuno at tagasunod nito) sa isyu ng relasyong ekstramarital sa Pilipinas. Dahil Katoliko ang kalakhan ng populasyon ng mga Pilipino, nagkakaroon ng bigat ang pananaw tungkol sa *fidelity* o katapatan sa sakramento ng kasal. Samakatuwid, hindi sang-ayon ang maraming sa ganitong uri ng relasyon (Guerrero). Para sa simbahang Katolika, higit na malalim ang kahulugan ng kasal dahil hindi lamang ito tungkol sa dalawang taong nais magsama. Gamit

ang Catechism of the Catholic Church bilang batayan, ipinaliliwanag niyang representasyon ang kasal ng walang hanggang katapatan ng Diyos sa kaniyang kasunduan sa mga tao. Dahil sa kasagraduhan ng kasal para sa mga Katoliko, isang malaking hamon ang mga nasisirang samahan ng mag-asawa dahil sa relasyong ekstramarital (na mas tinatawag niya bilang "infidelity" sa kaniyang artikulo). Mariin niyang inilahad na ito ay tahasang pagsira sa mga sinumpaang pangako sa harap ng Diyos. Ipinaliwanag pa ni Gonzales na maibibilang na ekstramarital na relasyon sa kulturang Pilipino ang mga kaswal na relasyon hanggang sa mismong pagkakaroon at pagbabahay ng kabit.

Naipakita rin ni Gonzales ang isyu bilang usapin ng kasarian. Tinalakay niyang ang mga lalakeng nagtataksil sa kaniyang asawa ay kadalasang nagsasanhi sa hiwalayan ng mag-asawa. Sa kaniyang pag-aaral, makikitang karaniwang dahilan ng mga lalake sa pagtataksil ang kawalan nila ng kasiyahan sa pamilya, lalo na sa asawa. Ipinaliwanag pa niya na ang babae (asawa man o ang kabit) ay parehong talo sa sitwasyon. Nagiging mababa ang tingin ng babaeng asawa sa kaniyang sarili dahil naghanap ito ng iba. Samantala, ang ibang babae (kabit o kalaguyo) naman ay nakararamdam din ng lungkot kahit pa batid niyang pangalawa lamang siya sa asawa.

Samakatuwid, kapag ginagamit ng simbahan ang terminong ekstramarital, itinuturing itong isang malaking kasalanan. Nakikita ang kabigatan ng pagkakasalang ito dahil ang pagtalikod sa asawa ay nangangahulugan ding pagtalikod mismo sa Diyos at pagsira sa kasunduang binuo nila noong kasal. Bukod sa takot sa Diyos, nariyan din ang takot sa lipunan dahil bitbit ng isang Katoliko ang reputasyon ng kinabibilangang relihiyon. Malinaw na isang gawaing hindi pang-Katoliko ang pagtataksil sa asawa at pamilya.

Sa Executive Order 209: Family Code of the Philippines binigyang-linaw sa unang artikulo pa lamang ang tungkol sa kasal. Ayon dito, ang kasal ay isang "*special contract of permanent union between a man and a woman in accordance with law*" (1). Kaiba sa simbahan, ang kasal na kinikilala ng

gobyerno ay naaayon sa kahingian ng mga batas tungkol dito. Kung papansinin ang depinisyon, lilitaw na mahalaga ang salitang "*contract*" at "*law*" sa isang kasal. Upang matiyak ang ang bisa ng kasal, sinasabi nitong kinakailangang mapagkalooban ang sino mang ikakasal ng marriage license. Matatawag ding balido ang kasal ayon sa Artikulo 3 kung ginanap ang seremonya sa harap ng huwes, kumander ng militar, kapitan ng barko, consul o vice-consul, o ng kahit sinong ministro ng simbahang kanilang kinabibilangan (2-3). Kung wala ang mga ito, matatawag na *void* ang isang kasal.

Dahil sumasailalim sa isang batas ang kasal, inaasahan itong sundin ng mga mag-asawa. Sa oras na may paglabag dito, mayroon ding kaparusahang naghihintay sa kanila. Sa isang bahagi ng Revised Penal Code (RPC) na Crimes Against Chastity, binanggit sa ilang artikulo ang tungkol sa pakikipagrelasyong ekstramarital. Sa Artikulo 333, ipinaliliwanag na isang krimen ang *adultery* o ang pakikiapid ng isang babaeng may-asawa sa ibang lalake. Saklaw din ng kasong ito ang karelasyong lalake, sapagkat alam nitong sumiping siya sa may-asawang babae. Pagkakakulong ang parusa para sa parehong mapatutunayang nagkasala sa kasong ito. Sa Artikulo 334 naman, tinatalakay ang tungkol sa *concubinage* na naiiba sa naunang kaso dahil para lamang ito sa asawang lalakeng may kabit o may ibang babae. Pagkakakulong din ang parusa sa lalakeng may kabit, ngunit kinakailangang mapatunayang dinadala nito ang kalaguyo sa bahay nilang mag-asawa. Maaari lamang din maparusahan ang lalake kung may makakita sa kaniyang kasama ang ibang babae sa pampublikong lugar, at kung may nakahuli sa kanila na nagtatalik. Hindi naman makukulong ang kabit na babae. Sa halip, tatanggap ito ng parusang *destierro* o ang pagbabawal na makalapit sa tirahan ng lalake at ng asawa nito.

May kapansin-pansin namang pagkakatulad sa pananaw ng simbahan at pananaw ng estado tungkol sa kasal at relasyong ekstramarital. Para sa parehong institusyon, dapat pinangangalagaan ang kasal kaya may batas na ipinasusunod sa mga mag-aasawa pa lang at sa mga may-asawa na. Nanggagaling ang mga batas na ito sa kanila, kaya naman ang

pamantayan at pagtatakda ng uri ng parusa ay naaayon sa kung ano sa tingin nila ang tama at mali. Dahil dito, nagiging instrumento ang batas na nakapaloob sa kasal upang mapanatili ang kaayusan sa mga institusyong ito.

**Diskurso ng Relasyong Ekstramarital sa Nobela**

Batay sa mga dominanteng diskurso ng relasyong ekstramarital mula sa simbahan at estado, titingnan kung papaano ito maaaring maihalintulad o maitambis sa diskurso sa nobela ni Abueg. Sa bahaging ito ng pagtalakay ng *Mga Haliging Inaanay* binibigyang-halaga ang interaksiyon ng bawat tauhan gayundin ang konteksto ng kanilang usapan.

Sa unang bahagi ng nobela (ika-4 na labas), makikita ang unang pagbanggit sa "kasal" ng ama ni Ruth sa kaniyang kapatid. Tinutukoy rito ni Alipio si Zita, na inilarawan sa nobela na "probinsyana," "makaluma sa ugali," at "may takot."

> **Alipio:** Kailangang pakasalan mo siya sa simbahan, Martin. Ganyan ang asawang dapat bigyan ng mataas na pagpapahalaga.

Makikita kay Alipio ang tradisyonal na pagtingin sa pakikipagrelasyon at sa kababaihan. Binigyang-diin niyang kailangan ang kasal sa pakikipagrelasyon. Mababakas din mula sa kanyang pahayag kung gaano kalakas ang impluwensiya ng simbahan sa mga mahahalagang desisyon sa buhay tulad ng pagpili ng taong pakakasalan. Tulad ng turo ng Bibliya, pinahahalagahan ni Alipio ang babaeng handang magpasakop sa asawa. Binigyan niya ng basbas si Martin dahil nakikita niya kay Zita ang mga katangian ng isang "ideyal" na babae –birhen at masunurin.

Sa susunod na sipi (mula ika-8 labas), makikita pa ang konserbatibong pananaw ni Alipio tungkol sa babae. Inihalintulad si Ruth sa kaniyang

Ate Tessa na isinuko ang pagkabirhen bago ikasal.

> **Alipio:** Akala ko'y malinis ka pa, Ruth! Umaasa akong ikaw ay makakasal nang pormal, nang may seremonyas, may handaan. Tulad ka rin ni Tessa. Sinabi ni Zita na natutop ka niya sa sarili mong silid, may kasama kang lalaki. Victor ang pangalan!

Kapansin-pansin ang pagkakabanggit sa mga salitang "pormal," "seremonyas," at "handaan." May dalawang bagay na maaaring mahiwatigan dito. Una, makikita ang pangangailangang sumunod sa kumbensiyon ng pagdaraos ng kasal. Ikalawa, masasabing ang kasal ay isang pagtatanghal. Kaya para kay Alipio, kahihiyan sa pamilya ang ginawa ni Ruth dahil lumalabag ito sa turo ng simbahan. Dagdag pa rito, kapag natuklasan ng ibang tao ang tungkol dito, maaaring masira ang reputasyong itinatanghal niya. Mainam din bigyang-pansin ang paraan ng pagkakatuklas ni Alipio sa pakikipagtalik ni Ruth kay Victor. Naging susi si Zita sa pagbubunyag ng sikretong ito. Kung babalikan ang naunang sipi, mauunawaan kung bakit pabor si Alipio sa manugang. Kumpara kay Ruth, higit na madaling pasunurin si Zita sa lahat ng mga patakaran niya. Ang dominasyon ni Alipio sa tahanan ay masasabing representasyon ng dominasyon ng patriyarkal na ideolohiya sa lipunan. Si Zita naman ang halimbawa ng babaeng lubos na nakapaloob sa pagkatao ang halagahang patriyarkal. Gawa nito, siya na mismo ang namumulis sa kilos ng kapwa niya babae.

Makikita naman sa susunod na sipi (mula ika-16 na labas) ang kumbersasyon ng magkapatid tungkol sa estado ng relasyon ni Tessa.

> **Ruth:** Akala ko wala na kayo ng Carlong 'yon?
>
> **Tessa:** Bumalik siya. Nakiusap. Tinanggap ko naman.
>
> **Ruth:** Huwag ka naman sanang sinasaktan ng Carlong 'yan.

**Tessa:** Mabait na si Carlo. Pag dumating ang mga papeles ni Gus…baka lumipad kami sa Hong Kong.

**Ruth:** Magpapakasal kayo roon?

**Tessa:** Gusto ni Carlo…

Mauunawaang hiwalay na sina Tessa at Gus dahil may iba nang kasintahan si Tessa. Bagama't hindi na nagsasama sa iisang bubong, kasal pa rin sila sa mata ng batas. Nasa proseso pa lamang ang dalawa na gawing ligal ang paghihiwalay sa pamamagitan ng diborsyo. Dahil itinuturing na iligal ang diborsyo sa Pilipinas, mahihinuhang sa ibang bansa ikinasal sina Tessa at Gus. Kung gayon, sa mata ng simbahan at ng batas, ekstramarital ang pakikipagrelasyon ni Tessa kay Carlo.

Kapansin-pansing hindi ikinababahala ng sinuman sa magkapatid ang pagiging ekstramarital ng relasyong iyon. Ipinag-alala ni Ruth ang pagiging mapang-abuso ng kasalukuyang kasintahan ng kaniyang ate. Batid ni Ruth binubugbog ni Carlo si Tessa lalo na kung hindi siya nabibigyan ng pera para sa kaniyang bisyo. Higit na matindi ang dapat ipag-alala sa oras na maikasal ang ate niya at si Carlo.

Sa katuloy na bahagi ng kanilang pag-uusap, ipinaliwanag ni Tessa ang sanhi ng paghihiwalay nila ni Gus.

**Tessa:** Ganyan din ang paniwala ko nang si Gus ay boyfriend ko pa lang. Nasa Jolo man siya, Aparri, Camarines Sur o Davao…akala ko'y lagi niya akong naiisip. Ang walang hiya pala'y may babae sa bawat probinsiyang kanyang puntahan.

**Ruth:** Hindi si Victor, Ate…

**Tessa:** Sana…si Victor ay iba kay Gus.

Mainam na bigyang-diing matagal nang ginagawa ni Gus ang paulit-ulit na pakikipagrelasyon sa iba't ibang babae. Nilabag niya hindi lamang

ang batas ng estado, nilabag niya rin ang pangako niya kay Tessa. Tuluyan nang nasira ang tiwala ni Tessa sa asawa kaya naman nagdesisyon na rin siyang maghanap ng iba. Nagpapahiwatig din ang kumbersasyong ito ng pananaw tungkol sa ugali ng lalake. Makikita ang paggamit ni Tessa ng salitang "sana" upang ipahayag na umaasa siyang mali ang palagay tungkol kay Victor. Kung sa naunang mga sipi, nailarawan ang mga inaasahan sa kababaihan, mas tuon naman sa bahaging ito ang paglalarawan sa mga inaasahan sa kalalakihan. Palikero at mapanakit sina Gus at Carlo. Nagagawa nila ito nang walang takot dahil pinahihintulutan ng kanilang lipunan ang baluktot na paraan ng pagpapakita ng pagkalalake. Higit na maluwag din ang pamantayan sa para sa kalalakihan kaya naman hindi malaking isyu kung hindi na birhen ang lalake bago ikasal. Hindi rin agad naparurusahan ang pambababae dahil ipinagpapalagay na "normal" lamang ito.

Makukumpirma sa siping ito (mula sa ika-24 na labas) na hindi naiiba si Victor kina Gus at Carlo. Matapos matunton ni Ruth ang kinaroroonan ni Victor, nasabik ang dalawa at nagniig. Mapapalitan ng pagkagimbal ang nararamdaman ni Ruth nang malalamang hindi lamang siya ang babae sa buhay ng kasintahan.

> **Victor:** Nag-aapurang pakasal si Cely. Dalawang buwan na raw ang nasa kaniyang tiyan.
>
> **Ruth:** Bakit mo ginawa sa akin ito Victor?
>
> **Victor:** *Kasama* siya, Ruth. Gulugod namin siya sa Matnog. May impluwensya siya sa matataas na opisyal ng pamahalaan. Kailangan namin siya.

Ang pagbabanggit ni Victor ng dahilan ng pagpapakasal ay nagpapahiwatig ng pananagutan at pangangailangan. Ngunit sa paggamit niya ng salitang "nag-aapura," ipinararating niya kay Ruth na si Cely lamang ang may kagustuhan ng kasal. Kay Victor, bunsod lamang ito ng tindi ng pangangailangan.

> **Victor:** Iniwasan ko siya, Ruth…hindi pa man tayo magkakilala. Pero trabaho ang naglapit sa amin. Sa kanila ako tumitigil kapag dumarating ako sa Matnog.
>
> **Ruth:** Kung gayon ay minahal mo na rin siya?
>
> **Victor:** Bihira ang babaing tulad ni Cely, Ruth. 'Yan ang dahilan kung bakit ibig kong lumayo na sa Maynila. Masyadong tumitibay ang relasyon natin. Sa panahong kailangang-kailangan namin si Cely.

Agad na makikita ang kontradiksiyon sa sinasabi ni Victor sa sipi sa itaas. Inamin niyang may damdamin na rin siya para kay Cely. Mahal niya si Ruth ngunit pakakasalan niya pa rin si Cely.

Sa susunod na bahagi (ika-30 labas), malalaman naman ni Ruth mula kay Doming ang tunay na relasyon nina Victor at Cely.

> **Doming:** Kasal na nga raw sila ni Victor…sa kilusan. Mas matibay daw sa kasal 'yon kesa sa kasal sa simbahan. Mahal daw niya si Victor. Mahal din daw siya nito… Ang sabi pa nga niya, si Victor daw ang nagyakag pakasal, hindi siya. Nag-usisa pa raw siya kung may ibang babae sa buhay ni Victor. Umamin daw si Victor. Ikaw nga, Ruth, ang babae.
>
> **Ruth:** Alam ba ni Cely na…sinundan ko si Victor?
>
> **Doming:** Alam. Nang ma-*delay* nang isang araw si Victor sa Allen, alam na ikaw ang dahilan.

Sa sinasabi ni Doming, lalong napalilitaw kung ano ang papel ng bawat tauhan. Si Cely ang ligal na asawa ni Victor, habang si Ruth naman ang maituturing ngang "ibang babae." Mauunawaan ding ang kasal sa pagitan nina Cely at Victor ay kagustuhan nila pareho, hindi tulad ng naunang pagkakaalam ni Ruth tungkol dito.

**Doming:** Matagal na silang may relasyon ni Cely. May dalawang taon na. Nauna si Cely sa 'yo.

**Ruth:** Hindi tutoo 'yan, Doming.

**Doming:** Nagkapikunan kami ni Victor, Ruth…Inamin niya ang tutoo. Naakit siya sa 'yo.

Hindi lamang ito sinasabi ni Doming upang ilahad ang katotohanan kay Ruth. Nais niyang pigilan si Ruth sa paghahabol kay Victor. Nang sinabi ni Victor na "naakit" siya, nangangahulugang hindi niya tunay na minahal si Ruth. Gaya ng salitang "*affair*," pansamantala lamang ang relasyon nilang dalawa. Ganito man ang nangyari, hindi nawala si Victor sa isip ni Ruth.

Sa mga huling bahagi ng nobela, sinadya ni Ruth ang bahay ng mga Barriso kung saan niya nakita ang isang haliging inaanay. Naabutan niyang tinutupok ang bahay ng sunog. Matapos maapula ang apoy, masasaksihan niya ang komprontasyon nina Martin at Zita. Sa kauna-unahang pagkakataon, makakausap niya si Zita hinggil sa personal na bagay. Ibinunyag ni Zita na nalaman niyang may relasyon si Martin sa sekretarya nito. Nahalata niya ang madalas na pagdadahilan ng asawa upang hindi siya isama sa mga lakad nito.

**Zita:** Kung may anak siguro kami ni Martin, hindi siya magkakaganoon.

**Ruth:** May ambisyon siya, Zita. 'Yon ang nakalalason sa kanyang isip. 'Yon ang nakabubulid sa kanya sa mga bisyo. Kailangan siyang makibagay sa kalakaran sa business world.

**Zita:** Nakisakay ako sa kanya noon…sa ambisyon niya. Ngayon, nakababa na ako. Siya ang dapat bumaba, magbago, bumalik sa dating sarili.

Tulad ng kanilang bahay, tila inaanay na rin ang haligi ng relasyon nina

Zita at Martin. Sinubukang bigyang-kasagutan nina Zita at Ruth ang dahilan sa paghahanap ni Martin ng ibang babae. Magkaiba ang pinanggagalin ng dalawang babaeng tauhan. Kay Zita, makikita ang pananaw ng simbahan at lipunan na pagpapamilya o pagkakaroon ng anak ang layunin ng kasal. Kay Ruth naman, makikita ang pananaw na hindi nakukuntento ang tao dahil sa pagkalulong nito sa paghahangad ng kapangyarihan. Naipamalas ito ni Martin nang maging kasabwat siya ng mga dating crony ni Marcos upang makapagkamal din ng yaman. Dagdag dito, nararamdaman ni Martin ang ekstensiyon ng kapangyarihang ito sa pagmamanipula niya kay Zita at sa ibang mga babae. Ngunit hindi magtatagal ang kontrol ni Martin kay Zita dahil natauhan na ito.

Nang dumating ang araw na muling nakita ni Ruth si Victor, inakala niyang magkakabalikan na sila.

> **Ruth:** Wala ka nang obligasyon Victor. Patay na si Cely…at ang inyong anak. Iyo itong dinadala ko. Papaano na ito? Anong pangalan ang ibibigay ko sa kaniya?
>
> **Victor:** Noong buhay pa si Cely, akala ko, nagpakasal ako sa kaniya dahil sa rebolusyon. Noong patay na siya, natuklasan ko sa sarili ko, mahal ko siya. Ngayong sinasabi mo, na anak ko ang nasa tiyan mo, dapat e mabawasan ang pagmamahal ko kay Cely. Ganoon pa rin, mahal ko siya. *I'm sorry*, Ruth…kung nasaktan kita.

Sa pagtanggi ni Victor sa pananagutan kay Ruth, pinatutunayan din niyang wala na siyang nararamdamang ano mang pagmamahal sa kaniya. Iniwan niya si Ruth at hindi na muling bumalik.

Bakas ang lungkot at panghihinayang ni Ruth sa nangyari nang maikuwento niya sa kaibigang si Adel ang nangyari.

> **Ruth:** Hindi niya tinanggap ang pananagutan niya sa isisilang ko.

> **Adel:** Kalimutan mo na si Victor, Ruth. Hindi mo siya dapat habulin o iyakan. May mga nagawa siyang kasalanan…laban sa kanyang sarili bilang rebolusyonaryo. 'Yung pagkaambus kay Cely, kasalanan 'yon ni Victor…dahil may bagong babaing recruit na isinama nito sa isang rekorida. May isang linggong nawala ang dalawa. May naghimaton na nagtago ang dalawa sa isang kubo sa bukid. Sumama si Cely sa mga armadong partisano. Sa kahihingi ni Cely ng tulong sa mga ito sa pagtunton kay Victor, natambangan sila ng isang patrol ng militar. Dalawang partisano ang napatay, bukod pa kay Cely. 'Yan ang kahinaan ni Victor, Ruth. Makailan na siyang pinatawad. Ngayon, paakyat siya sa Kalinga-Apayao para sa isang mabigat na misyon. Mapanganib. Pero sa misyong iyan malalaman kung seryoso siyang talaga sa kilusan.

Mainam bigyang-diin sa sipi ang salitang "kasalanan." Mula sa usapang ito, maiintindihan na ang kasalanan ni Victor ay hindi lamang dahil sa pagiging salawahan nito sa pakikipagrelasyon. May malaking implikasyon o epekto ang kasalanang personal gaya ng pakikipagrelasyon sa labas ng kasal sa estado ng kilusan. Inihahayag din sa nobela na hindi maihihiwalay ang personal sa politikal. Dahil sa kahinaan ni Victor bilang isang lalake, nadadala niya ang karupukang ito hanggang sa komitment sa kilusan. Maaaring sa pagbubunyag na ito, matatagpuan din ang isa pang sapin ng kahulugan ng "haliging inaanay" sa nobela. Si Victor ay isang halimbawa ng anay na nagpapabuway sa kilusan at rebolusyon.

Sa mga halimbawa sa taas, maaaring sabihing pumasok sa ekstramarital na relasyon ang mga tauhan. Para kina Tessa at Gus, kapwa sila nagkaroon ng ibang relasyon kahit nasa proseso pa lamang sila ng pagpapawalang-bisa ng kasal. Batay sa batas ng simbahan at ng estado, maituturing na may paglabag dito ang mag-asawa. Sa kaso naman nina Ruth at Victor, kapwa sila sangkot sa sekswal na gawain na labas sa kasal. Naipamalas din ni Ruth ang emosyonal na impidelidad sa

patuloy niyang paghahangad kay Victor kahit na may asawa na ito.

Kung magiging batayan ang pananaw ng simbahan, matatawag kayang relasyong ekstramarital ang kina Ruth at Victor lalo na at nagsiping ang dalawa bago ikasal? Kung sasangguniin naman ang pananaw ng estado, masasabi bang nagkasala sila sa batas? Bagama't sangkot sila sa ekstramarital sex, wala naman sa kanila ang ikinasal sa simbahan at/o sa huwes. Isinagawa ang kasal nina Cely at Victor sa harap ng kilusan. Iba ang panuntunan ng kasal sa kilusang ito. Ayon kay Alburo, sinusunod ng mga kasapi ng New People's Army (NPA) ang dokumentong "On the Relationship of Sexes" (ORS) na hango sa *The Origin of the Family, Private Property and the State* ni Frederick Engels (31). Natatangi ang ORS bilang gabay ng mga kasapi sa pakikipagrelasyon dahil hindi nakapadron sa pamantayan ng simbahan at ng estado ang pagtingin nito sa relasyon. Ayon pa rito, "*As such, party members have appropriated the so called proletarian love to counter the bourgeois, feudal and largely Catholic views on love and marriage dominant in Philippine society*" (30).

Gayunpaman, kung titingnan ang kaso ni Victor sa ORS, makikitang lumabag siya sa batas ng kilusan na mahigpit na ipinatutupad ang monogamous na relasyon. Sa isang bahaging isinipi ni Abinales sa "Some Explanations on the Guidelines for Marriage inside the Party," binibigyang-diin ang kaseryosohan ng kasal kaya naman may karampatang kaparusahang ipinapataw rito:

> Ang malubhang kaso ng pakikipagtalik nang hindi kasal tulad ng pakikipagtalik sa hindi man lang kasintahan at sa iba't ibang nagiging kasintahan, ay malinaw na nagpapakita ng bulok na pananaw sa relasyong sekswal, at magagawan ng aksyong pandisiplina na mula sa minimum na isang taong suspension sa pagiging kasapi hanggang sa maksimum na pagtitiwalag sa Partido (268)

Ang pagtataksil ni Victor ay nagdulot sa kamatayan ni Cely na mahalagang miyembro ng kilusan. Nakatanggap ng aksyong pandisiplina si Victor dahil dito. Bilang parusa, pinagawa sa kaniya ang

mabigat na tungkulin sa malayong lugar. Hindi nga lamang malinaw sa nobela kung ano ang nangyari sa babaeng kasama ni Victor. Marahil, naparusahan din ito gaya ni Victor.

Sa pamamagitan ng mga tauhang ito, naipakikita ni Efren Abueg nang sabay ang magkakatunggaling pananaw tungkol sa relasyong ekstramarital. Posible pa ring tingnan ang mga ekstramarital na relasyong ito bilang ipinagbabawal o *taboo,* lalo kung gagawing batayan ang mga itinuturo ng simbahan at ang mga nakasaad sa batas ng pamahalaan. Ngunit kung isasaalang-alang ang konteksto ng mga tauhan, nangangailangan pa ng interogasyon sa sinasabi ng mga institusyong ito tungkol sa pakikikipagrelasyon.

Bagamat natukoy sa pagsusuri ang mga halimbawa ng mga relasyong ekstramarital, ipinahayag ni Efren Abueg sa isang personal na panayam na hindi siya naniniwala sa terminong ginagamit bilang pantukoy rito. Ayon kay Abueg:

> Napaka-general ng term. Sa panahon ng gender studies, eh 'yong extramarital affair ay nakabilanggo sa isa nating tradisyon tulad ng ating relihiyon…'Yong extramarital affair sa akin, napaka-limited topic 'yon. You have to expand it to so many factors…Wala na ang term na 'yon. Wala na ang extramarital affairs.

Nagbigay ng ilang tiyak na sitwasyon si Abueg upang patunayan ang kaniyang pananaw. Ibinigay niyang halimbawa ang kalagayan ng babaeng nakatira sa nayon kasama ang anak. Mayroon itong asawa ngunit matagal nang hindi bumabalik. Kung may bagong lalaking kinakasama ang babaeng ito, matatawag pa rin ba diumano itong relasyong ekstramarital? Dito niya binigyang-diin na lawakan pa ang mga salik na nakaapekto sa babae upang gawin ito. Dagdag niya pa, "Sa atin, kaya may extramarital affair ay dahil sa ating institutions na hindi umuunawa sa kalagayan ng mga babae."

Sa partikular na halimbawang ibinigay ni Abueg, masasabing ekstramarital nga ang mga relasyong ito sa makitid na

pagpapakahulugan. Gayunpaman, sang-ayon sa pananaw ni Abueg, masalimuot na termino ang relasyong ekstramarital dahil sa lawak ng kahulugan nito. Sinasang-ayunan din ang binanggit nito na kinakailangang tingnan at unawain nang maigi ang konteksto ng babae at ng pinasok niyang relasyon.

**Kultura ng Pahina Patungong Midya**

Mula nang maipakilala sa Pilipinas ang nobela bilang anyong pampanitikan, nagkaroon ito ng mayamang ambag sa pagbuo sa identidad ng mga Pilipino (Alcantara). Bagama't sa panahon ng pananakop ito lumaganap, nailalangkap ng mga nobela (partikular ng nobelang Tagalog) ang mga sinaunang tradisyon nito –ang romantisismo. Ayon kay Soledad Reyes, "*What the novels valorized were…related to notions of love and fidelity, proper behavior in marriage, love of country, filial piety and respect for the elderly, and decorum and propriety that must be observed in all aspects of life*" (190). Madalas makita sa mga sinaunang nobela ang mga bagay na ideyal gaya ng pag-ibig at pakikipagkapwa-tao. Madalas din, ang mga nobela ay didaktiko o nangangaral (Mojares 206). Nagpatuloy ito hanggang sa nababasa na rin ang mga nobela sa mga seryalisadong magasin. Dahil dito hindi lamang nagbago ang espasyong kinalalagyan ng nobela, maging ang paraan ng pagsulat dahil sa pagdating ng realismo. Gayumpaman, hindi nawawala ang mga kuwentong tungkol sa romansa. Sa paglipas ng panahon, nanatiling buhay ang parehong anyo ng nobela (aklat at seryalisado) dahil naging malaking bahagi ito ng kultura ng Pilipinas.

Kung titimbangin ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa nobela sa kasalukuyan, hindi na ito kasing tindi ng pagpapahalaga noong araw. Bukod sa hindi na malay ang mayorya ng kasalukuyang henerasyon sa mga seryalisadong magasin, ang mga aklat naman ay nagkakahalaga ng mas mahal na presyo kung bibilhin. Bagamat higit na naging limitado ang tagapagtangkilik ng mga nobela, ang mga paksa at temang tinatalakay sa mga ito ay patuloy namang makikita. Ito ay sa pamamagitan ng paglakas ng kapangyarihan ng midya. Kung dati, mga pahina lamang ang naglalaman ng mga kuwentong may sari-saring

tema, nagagawa na rin itong pantayan at higitan ng pelikula, telebisyon, streaming sites, at social media. Sa mga de-seryeng nobela, marami noon ang pumapaksa sa bawal na pag-iibigan. Ngayon naman, lagi't laging mayroon pa ring mga palabas at mga pelikulang tungkol sa mga relasyong ekstramarital. Sa katunayan, ilan sa mga akdang mula sa *Liwayway* ay naging komersiyal na tagumpay nang maisapelikula gaya na lamang ng *Huwag Pamarisan! Mister Mo…Lover Boy Ko!* (1975) na idinirehe ni Ishmael Bernal, at batay sa nobelang *Mister Mo, Lover Boy Ko* (1973) ni Efren Abueg.

Sa kasalukuyang panahon, sinasabi ngang naging "worldwide phenomenon" na ang tungkol sa impidelidad o extramarital na relasyon (Mendoza 1). Dati nang may pelikulang pumapaksa rito, ngunit simula nang maipalabas sa sinehan ang pelikulang *No Other Woman* (2011), lalo pang nagsunod-sunod ang pagsusulputan ng mga palabas na tumatalakay sa parehong tema. Naging matagumpay rin ang pagdadala ng temang ito hanggang sa telebisyon. Isang halimbawa rito ang *The Legal Wife* (2014) na isa sa mga pinakapinag-usapang teleserye sa social media noon. Upang higit na matuklasan kung paano naipagpapatuloy ang kasikatan ng relasyong ekstramarital, mainam na maunawaan ang sinasabi ni John Storey, "*The principle that texts can never be understood or analysed in isolation – they can only be understood in relation to webs of other texts and in relation to the social context*" (70). Samakatuwid, maaaring tingnan ang mga katangian ng iba't ibang midyum sa pagpapalaganap ng kuwentong nakaapekto sa naging pagtanggap ng mga tao rito. Sa bahaging ito susuriin ang mga tanyag na pelikula at palabas sa telebisyon ayon sa diskurso ng relasyong ekstramarital.

Sa pelikulang *No Other Woman,* umiikot ang pag-aagawan ng mga tauhang sina Charmaine Escaler (Christine Reyes) at Kara Zalderiaga (Anne Curtis) para sa pag-ibig ni Ram Escaler (Derek Ramsay). Sa simula, masaya at kontento si Ram sa pagsasama nila

ni Charmaine. Darating ang malaking dagok sa mag-asawa nang makilala ni Ram si Kara. Sa pelikula, makikilala si Kara sa kagandahang taglay nito at sa lakas ng personalidad nito. Agad na naakit si Ram lalo nang alukin siya nito ng isang relasyong "*no strings attached*." Para kay Kara, kaswal na pakikipagtalik lamang ang pakinabang nila sa isa't isa kaya hindi niya itinuturing ang sarili bilang kabit. Ayon sa kaniya, "*You will only be called a mistress when there's an emotional attachment. I'm not a mistress.*" Sa kabila nito, nagkaroon na rin ng damdamin si Kara para kay Ram kaya naman makikita rin ang pagbabago sa pananaw niya tungkol sa relasyong pinasok. Malay siyang hindi siya ang asawa, ngunit handa siyang ipaglaban ang nararamdaman niya para dito. Sa huli, magdedesisyon si Kara na sumuko sa bawal na relasyon upang mamuhay sa ibang bansa.

Halos maihahalintulad ang kuwento ng nabanggit na peliklula sa teleseryeng *The Legal Wife*. Masayang nagsasama ang mag-asawang Monica de Villa (Angel Locsin) at Adrian de Villa (Jericho Rosales). Masisira ang relasyong ito dahil sa pagpasok ni Nicole Esquivel (Maja Salvador) sa buhay nina Monica at Adrian. Kaiba sa *No Other Woman*, malapit na kaibigan ng asawang babae ang magiging kabit ng mister nito. Sa simula ay hindi kaagad makikita ang interes ni Nicole kay Adrian, subalit nang makita kung gaano kabuting asawa ang lalaki ay makararamdam ito ng inggit. Sa isang episode ng teleserye, makikita ang pagpapahiwatig ni Nicole kay Adrian, "Bakit kaya ganun? Tumataya nang tumataya tayo sa taong thinking at hoping na mamahalin din tayo pabalik?" Sa pang-aakit ni Nicole, bumigay din si Adrian at naging paulit-ulit na ang kanilang pagkikita nang palihim. Magiging komplikado pa suliranin nang magbunga ang nangyari sa pagitan nina Nicole at Adrian. Susubukin pa rin ni Adrian na ayusin ang relasyon sa asawang si Monica habang nangako ito ng pagsuporta sa anak niya kay Nicole. Sa huli,

pipiliin ni Adrian na wakasan nang tuluyan ang relasyon nila ni Nicole.

Naging trending naman ang *The Broken Marriage Vow* (2022) mula noong umere ito sa Kapamilya Channel at sa video streaming site na Viu. Marami ang tumangkilik sa palabas dahil pamilyar na ang marami sa kuwento nitong hango sa British TV series na *Doctor Foster* (2015) at sa bersyon nito ng South Korea na *The World of the Married* (2020). Kuwento ito ng isang doktor, propesor, at ina na si Jill Ilustre (Jodi Sta. Maria) na nagsimulang magkakutob na may ibang babae ang kaniyang asawang si David (Zanjoe Marudo). Malalaman ni Jill na tama ang kaniyang hinala, at ang babaeng ito ay si Lexy Lucero, anak ng kaniyang pasyente. Sa halip na itago ang nalalaman, walang pag-aalinlangang ibinunyag ni Jill na, "Your daughter is sleeping with my husband…Nabuntis ni David ang anak ninyo at pumunta siya ng Amerika para ipa-abort ang bata." Matapos ang pagkakabunyag ay makikita rin ang unti-unting pagkasira hindi lamang ng pamilya ni Jill, kundi pati na ni Lexy. Napawalang-bisa ang kasal nina Jill at David. Ikinasal at nagkaanak din si Lexy kay David. Sa kabila nito, hindi pa rin tuluyang naging masaya ang kanilang pagsasama. Malalaman ni Lexy na matindi pa rin ang obsesyon ni David sa dati nitong asawa, at siya mismo ay pinagtaksilan nito. Nagwakas ang serye sa tuluyang pag-iwan ni Lexy kay David, at ang pagpili ni Jill na hindi na muling balikan ang asawa.

Maituturing na pasok sa kategoryang ekstramarital ang mga relasyong itinampok sa mga palabas na ito. Dahil legal ang kasal ng mag-asawa, ang ginawa nina Kara, Nicole, at Lexy ay paglabag sa batas ng simbahan at ng estado. Bukod sa dalawang institusyong ito, hinaharap din nila ang panghuhusga sa kanila dahil sa pakikipagrelasyon hindi lamang sa asawa ng kanilang kinakasama, kundi sa iba pang taong nakakikilala sa kanila.

Bagamat masama ang tingin sa kanila, kapansin-pansin ang pagtataglay nila ng mga nakaaakit na katangian. Parehong matagumpay sina Nicole, Kara, at Lexy sa larangan ng kanilang karera. Mapapansin din ang kakaibang personalidad nila dahil may lakas sila ng loob nilang sabihin at gawin ang mga bagay na gusto nila. Nakahahalina ito para sa lalaki dahil hindi niya ito karaniwang nagagawa o 'di kaya naman ay hindi ito ginagawa ng kaniyang asawa. Ipinakikita rin sa katauhan nina Nicole, Kara, at Lexy na matatapang silang babae at may malakas na tiwala sa sarili bago pumasok at habang nasa relasyon na sila. Subalit sa oras na matuklasan nilang alam na ito ng asawa ng lalaki, maaaring maging palaban sila sa simula ngunit unti-unti ring lumalabas ang kanilang takot na baka iwan sila. Halimbawa nito ang pagmamakaawa ni Kara kay Ram na "Gagawin ko ang lahat. 'Wag mo 'kong iiwan." Dagdag pa rito ang pagbulalas naman ni Nicole sa sama ng loob kay Adrian, "Ano 'to? Danyos sa lahat ng perwisyo mo? Bayad sa lahat ng serbisyo ko? Ano ba'ng tingin niyo sa akin, baby maker? Hindi pera ang kailangan ko! Ikaw! Ikaw lang!" Kay Lexy naman, mapapansin na bukod sa galit ay labis din ang kaniyang pagseselos nang kumprontahin niya si David, "Naiisip mo rin ba na asawa mo ako nung nagsinungaling ka sa akin?" Sa paraan ng representasyon ng pelikula at telebisyon para sa mga kagaya nina Nicole, Kara, at Lexy, nagmumula ang kanilang motibasyon na pumasok sa isang alanganin o komplikadong relasyon hindi dahil wala silang inaasahan kundi may nakikita silang kakulangan sa buhay. Madaling pagbuntungan ng sisi ang mga babaeng gaya nila. Ngunit sa isang relasyong ekstramarital, hindi lamang iisang tao ang nasasangkot. Nariyan ang asawang babae, ang asawang lalaki, at ang ibang babae.

Kalunos-lunos ang kalagayan ng dalawang babae (asawa at kabit) sa relasyong ito. Ang asawang babae ay karaniwang pinupuna

kapag hindi na niya napapanatili ang ganda at alindog. Ang kabit na babae ay binabansagang malandi at ilusyonada sa paghahangad na pakakasalan siya ng lalakeng kasal na. Pareho silang dehado sapagkat pareho silang nasisisi sa pagkakamali ng asawa. Sa kabilang banda, ang lalake ay madalas ligtas sa mga panghuhusga ng tao kahit siya mismo ang dahilan ng kalungkutan at pagkawasak ng parehong babae (Bermudez).

**Kongklusyon**

Kung babalikan ang mga umiiral na akdang pampanitikan sa bansa, marami na ang sumulat ng tungkol sa tema ng ektramarital na relasyon. Bukod kay Abueg, marami siyang mga kapwa kontemporaryong manunulat na sumuong sa pagsulat ng tungkol dito gaya nina Edgardo Reyes, Levy Balgos dela Cruz, at Lualhati Bautista. Kaiba lamang kay Abueg ay nanatili siya sa pagsulat sa *Liwayway*, habang ang mga nabanggit ay nagsulat na sa mga kilalang palimbagan ng mga pocketbook. Tinitingnan mang mababang uri ng panitikan ang mga nobelang romansa sa mga magasin at/o pocketbook, nagkaroon ng pagtatangka si Abueg at ang iba pang mga batikang manunulat na iangat ang paraan ng pagtalakay hinggil sa usapin ng pakikipagrelasyon.

Sa kaniyang akda, tinalakay ang romantikong relasyon nang may pag-uugnay sa mga relasyon ng indibidwal sa kaniyang lipunan. Inilalantad ng *Mga Haliging Inaanay* na politikal ang anumang uri ng pakikipagrelasyon. Mula sa kinahinatnan ng mga tauhan, makikita kung paano napananatili o di kaya'y nababago ng mga relasyon nila ang mga ideyolohiyang litaw sa kanilang panahon gaya ng patriyarkiya, demokrasya, at rebolusyon. Gayundin, ang kuwento ng mga relasyong ekstramarital sa nobela ay nagsisilbing alegorya sa magulong pangyayari pagkatapos ng EDSA kung saan laganap ang panlilinlang at pang-aabuso. Ang pagkabaliw ng mga

tauhan sa pag-ibig ay itinutulad sa kabaliwan ng mamamayan sa bulag na pagsunod at pagsamba sa kanilang lider. Ang pagiging makasarili ng isang karelasyon ay tila natutulad din sa makasariling uring isinasantabi ang kapakanan ng bayan.

Sa paglipas ng panahon, nagbunga ang mga pagtatangkang magsulat tungkol sa usaping ekstramarital dahil sa paglitaw ng mga bago at mapanghamong kuwentong nababasa at napapanood ng madla. Ipinakikita rin nito ang pagtatangkang tumunggali sa diskurso ng mga makakapangyarihang institusyon sa lipunan tungkol sa pagkababae at *monogamous* na relasyon. Sa katauhan ng mga itinuturing na "ibang babae" (hal. Ruth, Kara, Nicole, at Lexy) madali silang makita bilang imoral dahil sa pagtatangka nilang makipagrelasyon sa mga lalaking may asawa na. Mahahalatang mas negatibo ang kanilang danas habang nasa loob ng relasyon, pati na sa pagwawakas nito. Kung ikukumpara sa mga tauhang lalaki, mas dinamdam ng mga babaeng tauhan ang pagwawakas ng kanilang relasyon. Malaking salik sa mababang pagtrato sa kanila ay, "*…women are generally expected to be sexually conservative and to express their sexuality in committed relationships, their involvement in an extramarital relationship is viewed more negatively than the men who engage in the same act*" (Oala 5). Gayunpaman, hindi nangangahulugang laging talo sa diskurso ang mga babaeng ito. Nagawa nilang hamunin ang dominanteng diskurso na ang babae ang laging pinakamahina sa isang relasyon.

Sa relasyong ekstramarital, kadalasang itinuturing na tanda ng kahinaan ang pagkakaroon ng damdamin partikular ng mga babae. Ngunit sa mga halimbawa ng mga tekstong tinalakay, higit na makikitang ang pagiging pasibo ng mga lalaki ang higit na nagdudulot ng komplikasyon sa dalawang relasyong sinusuong nito.

**Mga Sanggunian**

Abinales, Patricio N. "Pag-ibig, Pagtatalik, at Pakikibaka: Love and Sex inside the Communist Party of the Philippines." Southeast Asia over Three Generations: Essays Presented to Benedict R. O'G. Anderson, edited by James T. Siegel and Audrey R. Kahin, Ithaca, NY: Cornell University Press, 2003, pp. 263-282. https://doi.org/10.7591/9781501718946-013

Abueg, Efren R. Personal na Panayam. 18 Marso 2017.

Abueg, Efren R. Personal na Panayam. 11 Nobyembre 2019.

Abueg, Efren R. "Re: Ilang Sagot." Natanggap ni Deidre Morales, 22 Nobyembre 2022. Panayam sa Email.

Abueg, Efren R. "Mga Haliging Inaanay." *Liwayway Magazine.* 09 March 1987. Print.

Abueg, Efren R. *Plakard,* 2019. Isang Balangay Media Productions Inc.

Alburo, Kaira K. "Brothers, Lovers, and Revolution: Negotiating Military Masculinity and Homosexual Identity in a Revolutionary Movement". *Asia-Pacific Social Science Review* 11.2 (2011). 27-42. Web. 01 April 2017.

Alcantara, Ruby. "Romantisismo, Estilong Pilipino" Itinatak sa Nobelang Tagalog. *Panitikan.com.ph.* N.p., n.d. Web. 19 Mar. 2017.

Baquiran Jr., Romulo P. "Sa Mga Paraiso ng mga Katha ni Efren R. Abueg." *Likhaan IV The Journal of Contemporary Philippine Literature*, Quezon City: UP Press at UP ICW, 2010, 139-174. Print.

Bermudez, Reinna. "The wife, the husband, and the other woman." *Rappler* (16 April 2015). Web. 30 March 2017.

Blow, Adrian J, and Kelley Hartnett. "Infidelity in Committed Relationships I: A Methodological Review."*Journal of Marital & Family Therapy* 31. 2 (2005): 183-216. Web.

Bowers, Fredson. *Textual and Literary Criticism.* Cambridge: Cambridge University Press, 1959. Print.

Cramer, Janet M. "Critical Discourse Analysis." *Encyclopedia of Communications Theory* edited by Stephen W. Littlejohn & Karen A. Foss, Sage Publication 2009, pp. 220-223.

Gamboa Gonzales, Ted. "The Filipino Context of Infidelity and Resilience." *East Asian Pastoral Institute*. N.p., n.d. Web. 18 Mar. 2017.

Greene, Roland at Stephen Cushman, eds. *Textual Criticism: The Princeton Encyclopedia of Poetry and Poetics 4th ed*. New Jersey: Princeton University Press, 2012. 1426-1429. Print.

Guerrero, Linda Luz B. *The Filipino Family, Gender Roles and Other Women's Issues: The 1994 ISSP Survey*. Quezon City: Social Weather Stations, 1995. Print.

Hau, Caroline S., Isabelita O. Reyes, and Katrina Tuvera, eds. *Querida, An Anthology*. Mandaluyong City: Anvil Publishing, 2013. Print.

Leeker, Olivia, and Al Carlozzi. "Effects of Sex, Sexual Orientation, Infidelity Expectations, and Love on Distress related to Emotional and Sexual Infidelity." *Journal of Marital and Family Therapy* 40.1 (2012): 68-91. Web.

Macatuno, Connie and Andoy Ranay, directors. *The Broken Marriage Vow*, ABS-CBN, 24 Jan. 2022.

Malacañang. "Requisites of Marriage." *Executive Order 209: The Family Code of the Philippines*, Web. 19 March 2017.

Mendoza, Grazianne-Geneve V., and Andreah Yvonne P. Recuya. *Kabitserye: An analysis of Marital Infidelity in Filipino Films and Television Soap Operas from 1970-2015*. N.p., 2015. Web.

Mojares, Resil B. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1998. Print.

*No Other Woman*. Directed by Ruel S. Bayani, performances by Anne Curtis, Chrtistine, Reyes, Derek Ramsey, Star Cinema and Viva Films, 2011.

Oala, Monica. *Single Women and Infidelity: A Feminist Analysis of Extramarital Relationships and Their Termination*. Thesis. March 2009. N.p.: n.p., n.d. Web.

Pizarro, Jemimah G., and Rowena Gaspay-Fernandez. "Estranged Wife, Other Man's Beloved: Perspectives of Filipino Women Involved in Extramarital Relationships." *SAGE Open,* vol. 5, no. 1, 13 Jan. 2015. https://doi.org/10.1177/2158244014565823.

Reyes, Soledad S. *Salungat: A Soledad S. Reyes Reader*. Ed. David Jonathan Y. Bayot. Manila: Vibal Foundation, 2012. Print.

San Juan Jr., Epifanio. "Ulirang Halimbawa ni Efren Abueg: Tungo sa Mapagpalayang Sining/The Exemplary Art of Efren Abueg: Notes Towards an Emancipatory Art," *MALAY* 23.2 (2011): 127-136. Print.

*Status Quo - ECPS*. https://www.populismstudies.org/Vocabulary/status-quo/. Accessed 22 Mar. 2024.

Storey, John. *Cultural Theory and Popular Culture*. Harlow: Pearson Prentice Hall, 2006. Print.

*The Legal Wife*, written by Ronalisa Co, Reign Andre Loleng, and Generiza Reyes, directed by Darnel Villaflor and Francis Villacorta, Star Creatives, 2014.

Thompson, Anthony P. "Extramarital sex: A review of the research literature." The Journal of Sex Research, vol. 19, no. 1, Feb. 1983, pp. 1-22, https://doi.org/10.1080/ 00224498309551166.

Williams, Raymond. *Keywords: A Vocabulary of Culture and Society.* New York: Oxford University Press, 1985.

Williams, Kirstee, and Carmen Knudson-Martin. "Do Therapists Address Gender and Power in Infidelity? A Feminist Analysis of the Treatment Literature." *Journal of Marital and Family Therapy* 39.3 (2012): 271-84. Web.

**BIONOTE**

Si Deidre R. Morales ay nagtapos ng BA Araling Pilipino (Philippine Studies) sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Kinukuha naman niya ang kaniyang masterado sa Language and Literature sa De La Salle University-Manila. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng mga kurso sa panitikan sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP) sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Tuon ng kaniyang pananaliksik ang buhay at mga akda ng manunulat na si Efren R. Abueg.